

If you want a copy of the Notice of Privacy Practices, which is about your State-funded BCCTP privacy rights, call (916) 445-4646

إذا أردت نسخة من إشعار الممارسات الخاصة، الذي يتناول حقوق الممارسات الخاصة بك، اتصل برقم

(Arabic) (916) 445-4646

Եթե ցանկանում եք ձեռք բերել Գաղտնիության Գործածման մասին Օստուցման պատճեն, որը ձեր գաղտնիության իրավունքների մասին է, ապա զանգահարեք (916) 445-4546
Էռախոսահամարով: (Armenian)

若閣下希望索取一份有關閣下私隱權的私隱處理通知書，請致電 (916) 445-4646 (Cantonese)

اگر مایل به دریافت نسخه ای از این اطلاعیه شیوه های تامین حریم خصوصی، که درباره حقوق حفظ حریم خصوصی شماست، می باشید با شماره تلفن (916) 445-4646 تماس بگیرید. (Farsi)

បើអ្នកចង់បានមួយច្បាប់នៃសេចក្តីជូនដំណឹងស្តីអំពីភាព

ឆាប់ការណ៍ ដែលនិយាយអំពីសិទ្ធិនៃភាពឆាប់ការណ៍របស់

អ្នក សូមហៅលេខ (916) 445-4646 (Khmer)

만약 귀하의 프라이버시 권리를 설명한, 프라이버시 관행에 관한 통지문 사본을 원하시면, (916) 445-4646로 전화하세요. (Korean)

Yog hais tias koj xav tau ib daim qauv ntawm Daim Ntawv Qhia Txog Cov Kev Ua Feem Nraim, uas hais txog koj cov cai feem nraim, hu rau (916) 445-4646 (Hmong)

IMPORTANTE

****ANG PROGRAMA NG PAGGAMOT SA SUSO AT KANSER SA MATRIS AY WALANG KUMPLETONG KOPYA NG INYONG REKORD MEDIKAL. KUNG NAIS NA TINGNAN, KUMUHA NG KOPYA, O PALITAN ANG INYONG MGA MEDIKAL REKORD, PAKIUSAP LAMANG NA KONTAKIN ANG INYONG DOKTOR, KLINIKA O ANG TAGAPAMAHALA NG INYONG PANGANGALAGA..****

- Humiling ng lista ng mga oras na ibinahagi naming ang inyong impormasyong pangkalusugan matapos ang Abril 14, 2003. Hindi nakasaad salistahang ito kung kailan namin ibinigay ang impormasyon sa inyo, o kung kailan namin ibinigay ang inyong impormasyon batay sa inyong permiso, o kung kailan namin ibinahagi ang impormasyong ito sa paggamot, kobra o operasyong pangangalaga ng kalusugan.
- Mayroon kayong karapatang humingi ng kopya ng pahayag ng walang pagbubunyag na ito. Maaari ring makita ang pahayag na ito sa website ng BCCTP sa : <http://dhcs.ca.gov/BCCTP>.

KUNG PAANO KAMI KOKONTAKIN SA PAGGAMIT NG INYONG KARAPATAN

Kung nais ninyong magamit ang alinmang karapatang pampribadong ipinaliwanag sa pahayag na ito, maari po lamang na tumawag, sumulat o mag-email sa amin sa aming opisina sa kahon sa ibaba. Ipadadala namin ang kailangan ninyong papel.

Privacy Officer

Department of Health Care Services
MS 0010

P.O. Box 997413

Sacramento, CA 95899-7413

(916) 445-4646 or (877) 735-2929 TTY/TDD

<http://dhcs.ca.gov/privacyoffice>

REKLAMO

Kung sa inyong paniniwala ay hindi namin nagawang protektahan ang inyong pribadong impormasyon, maghain lamang ng reklamo sa pamamagitan ng pagkontak sa pribadong opisyal sa Department of Health Care Services sa opisining nakalista sa kahon sa itaas o maaring bumisita sa aming website sa: <http://dhcs.ca.gov/privacyoffice>.

Maaari ring tumawag o sumulat sa: Secretary of the Department of Health and Human Services U.S. Office for Civil Rights, 90 7th Street, Suite 4-100, San Francisco, CA 94103. Telephone: (800) 368-1019.

O pwedeng tumawag sa: U.S. Office of Civil Rights at 866-OCR-PRIV (866-627-7748) or 866-788-4989 TTY/TDD.

ANG INYONG BENEPISYO AY LIGTAS

Hindi pwedeng tanggalin ng BCCTP ang inyong benepisyo o gumawa ng anumang bagay na makapipinsala sa inyo kung inyong piliin na maghain ng reklamo o gumamit ng anumang karapatang pampribado ng pahayag na ito.

MAYROON BA KAYONG MGA TANONG?

Kung mayroon kayong tanong tungkol sa paunawang ito at nais ang iba pang impormasyon, maari lamang pong kontak in ang opisyal ng walang pagbubunyag sa: Privacy Officer at the Department of Health Care Services na nakalista sa pahayag na ito, o bumisita sa aming website sa: <http://dhcs.ca.gov/privacyoffice>.

PAGPAPALIT NG PAUNAWA SA PAHAYAG NG WALANG PAGBUBUNYAG

Kailangang sundin ng BCCTP ang pahayag na ito sa Abril 14, 2003. Mayroon kaming karapatang baguhin ang pahayag na ito. Kung mangyari man na kami ay may binago, aming muling ipagagawa ang pahayag na ito at kaagad na ibibigay sa inyo.

Upang makakuha ng kopya ng paunawang ito sa ibang salita, Braille, malaking impronta, audiocassette o komputer disk, maaring kontak in ang pampribadong opisyal sa listang nasa pahayag na ito o bumisita sa aming website sa: <http://dhcs.ca.gov/privacyoffice>.



Estado ng California
Ahensya ng Serbisyo ng
Pangkalusugan at
Pangkatauhan



Departamento ng
Serbisyo ng
Pangkalusugang Pag-aalaga

PAUNAWA MULA SA PROGRAMANG PAGGAMOT SA SUSO AT KANSER SA MATRIS (BCCTP)

PAHAYAG NG WALANG
PAGBUBUNYAG

Epektibo sa Abril 14, 2003

ANG PAUNAWANG ITO AY NAGSASAAD KUNG PAANONG ANG IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA INYO AY MAAARING GAMITIN AT ILAHAD AT KUNG PAANO MAKUKUHA ANG IMPORMASYONG ITO. MAARI PO LAMANG NA BASAHING MABUTI.

Inyong natanggap ang paunawang ito sapagkat kayo ay kabahagi ng programa sa paggamot sa suso at kanser sa matris na kung saan ay pinopondohan ng estado.

BCCTP Notice of Privacy Practices
(Tagalog) Rev. 1/09

ANG PROGRAMANG PAGGAMOT SA SUSO AT KANSER SA MATRIS (BCCTP) ay kailangang panatiliing pribado ang inyong impormasyon tungkol sa inyong kalusugan. Ang mga impormasyon tungkol sa inyo ay mula sa inyong pagdulog sa aming serbisyo at nang kayo’y naging kwalipikado sa pagpapagamot at nang naisagawa ang kontrata sa pagitan ng mga doktor, klinika, at iba pa. Maaari ding kaming kumuha ng inyong medikal na impormasyon mula sa pagpapagamot ng inyong kanser bago at matapos maaprubahan ang inyong aplikasyon. Kailangang maibigay sa inyo ang pahayag na ito kung paanong ang batas ay pinahihintulutan kaming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan at kung ano ang inyong mga karapatan.

KUNG PAANO NAMIN MAAARING GAMITIN AT IBAHAGI ANG MGA IMPORMASYON TUNGKOL SA INYO

Bahagi ng pamamalakad ng BCCTP ang paggamit at pamamahagi ng mga impormasyon tungkol sa inyo. Halimbawa ng mga impormasyong ito ay mga bagay tulad ng inyong pangalan, tirahan, personal na katunayan, impormasyong medikal, impormasyon mula sa ibang health insurance at alagang medikal na ibinigay sa inyo. Ginagamit at ibinabahagi namin ang impormasyong ito sa iba sa mga dahilang ito:

- **Pagpapagamot:** Maaari kaming kumuha ng impormasyon mula sa doktor, ospital, health insurance plans at iba pa sa pagpapasya sa pagkakaloob ng pagpapagamot ng inyong kanser at iba pang kaugnay na serbisyo sa ilalim ng BCCTP. Ang inyong doktor o tauhan ng ospital ay maaring magbigay ng impormasyon tungkol sa inyong pagpapagamot, resulta ng pangangalagang natanggap ninyo, at iba pang alagang kakailanganin sa pagsasala at pagsusuri, at kung kailangan ninyong magpagagamot.
- **Pagkobra sa bayad:** Sa pamamahala ng estado at bilang kabahagi ninyo, Inaaral, inaaprubahan at binabayaran ng BCCTP at ng iba pang nakikipagtulungan sa amin ang inyong pagpapagamot at pangangalaga.
- **Para sa operasyon ng pagpapagamot:** Maaaring gamitin ng BCCTP ang inyong rekord sa pag-aaral ng kalidad ng pangangalagang natatanggap ninyo. Maaari naming gamitin ang impormasyong ito sa imbestigasyon ng pagtutuos o pandaraya , o para sa pagpapalano at pagpapalakad ng BCCTP.

IBA PANG PARAANG MAAARI NAMING IBAHAGI ANG INYONG IMPORMASYON

Ang batas ay may pahintulot na gamitin o ibigay ang mga impormasyong mayroon ang BCCTP tungkol sa inyo para sa mga layuning ito :

- Upang matawagan o masulatan kayo ukol sa inyong benepisyo sa ilalim ng BCCTP.
- Para sa pampublikong gawaing pangkalusugan, tulad ng pag-uulat sa paglabas ng sakit.
- Para sa legal at mga pamunuang kaso tulad ng sa pagresponde sa utos ng korte.
- Para sa pag-aaral at pananaliksik na batay sa pamantayan ng batas, tulad ng pagsaliksik kaugnay sa pag-iwas o paggamot ng sakit.
- Para sa mga layuning kailangan ng gobyerno, tulad ng pag-uulat ng abuso at pagpapabaya, o “worker’s compensation”.
- Sa mga ahensyang napuna ang sistema ng pangkalusugang pangangalaga, para sa mga tuos o imbestigasyon ng mga kobra o bayad.
- Bilang apila sa desisyon sa binayaran na pagpapagamot o ipinagkaila sa inyo ng BCCTP.
- Sa pag-uuri ng pederal na gobyerno kung paano namin sinusunod ang batas ng pribado, walang pagbubunyag.
- Sa ibang ahensya ng gobyerno na nagbibigay ng pampublikong benepisyo.
- Upang gumawa ng koleksyon ng impormasyon na hindi na kailanman maibabalik sa inyo.

Maaari naming ibigay ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo sa mga organisasyon na tumutulong sa aming operasyon, tulad ng pagbabayad sa pangangalagang inyong natanggap sa ilalim ng BCCTP. Kung ganoon man, sisiguraduhin namin na protektado nito ang inyong impormasyong ibinahagi namin sa kanila.

Limitado ng batas ng ibang estado ang pamamahagi ng imposmasyong inilarawan sa itaas. Halimbawa, may mga espesyal na batas na pumuprotekta sa impormasyon tungkol sa HIV/AIDS, ng pangangalaga sa kalusugang mental, pagpapaunlad ng mga pinsala, at ng paggamot sa pag-abuso ng bawal na gamot at alkohol. Kami ay susunod sa mga batas na ito.

KAILAN KAILANGAN ANG LIHAM NG PAHINTULOT

Bago gamitin ng BCCTP ang inyong personal na impormasyon para sa anumang dahilang hindi nakalista sa itaas, kami ay hihingi muna ng liham ng pahintulot sa inyo. Kung kayo man ay nagbigay ng liham ng pahintulot upang gamitin para sa iba pang dahilan, maaari ninyong bawiin ang inyong permiso sa pamamagitan ng sulat anumang oras.

ANO ANG INYONG PRIBADONG KARAPATAN SA ILALIM NG BATAS?

May karapatan kayong:

- Humiling na kontakin kayo sa pamamagitan ng liham sa inyong iba pang tirahan, post office box , o telepono. Tatanggap kami ng risonableng hiling kung kinakailangan upang protektahan ang inyong pribadong impormasyon at kaligtasan.
- Tingnan at kumuha ng kopya ng impormasyong mayroon ang BCCTP tungkol sa inyo. Ang BCCTP ay mayroong impormasyon tungkol sa panuntunan nito at iba pang impormasyong medikal na aming ginagamit sa pag-apruba ng aplikasyon batay sa inyong kwalipikasyon para sa serbisyo sa ilalim ng BCCTP. Maaari kayong singilin para sa mga kopya at paghatid ng inyong rekord. Maaaring hindi namin ipakita sa inyo ang lahat o parte ng inyong rekord sa dahilang pinahihintulutan ng batas. Kung gayon, bibigyan namin kayo ng impormasyon kung paano maghahain ng apila sa aming desisyon.
- Pagpapalit ng rekord sa paniwalang ang naturang impormasyong nasa aming rekord tungkol sa inyo ay mali. Maaari naming ikaila ang inyong hiling kung ang impormasyon ay hindi gawa o naitago ng BCCTP, o kung ang impormasyon ay tama at kumpleto. Kung ang inyong hiling ay hindi pinahintulutan, maaaring sumulat ng pagtutol sa aming desisyon. Ang inyong liham ay itatabi kasama ng inyong mga rekord.

ຖ້າທ່ານຕ້ອງການສຳເນົາໃບແຈ້ງການກ່ຽວກັບການປະຕິບັດສິດທິຄວາມເປັນສ່ວນຕົວ
ບຸກຄົນ ທີ່ກ່ຽວຂ້ອງກັບສິດທິຄວາມເປັນສ່ວນຕົວບຸກຄົນຂອງທ່ານ, ໂທເບີ
(916) 445-4546 (Laotian)

「隱私權管理方法通知」阐述了您的隐私权，如果您想要索取一份，請致電 (916) 445-4546 (Mandarin)

ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਜਾਣਕਾਰੀ ਨੂੰ ਗੁਪਤ ਰੱਖਣ ਦੇ ਵਿਹਾਰ ਦੀ ਕਾਪੀ ਲੈਣੀ ਚਾਹੁੰਦੇ ਹੋ, ਜੋ ਕਿ ਜਾਣਕਾਰੀ ਨੂੰ ਗੁਪਤ ਰੱਖਣ ਦੇ ਤੁਹਾਡੇ ਅਧਿਕਾਰ ਬਾਰੇ ਹੈ, ਤਾਂ ਇਸ ਨੰਬਰ 'ਤੇ ਫ਼ੋਨ ਕਰੋ: (916) 445-4546 (Punjabi)

Если вы хотите получить экземпляр “Уведомления о практике сохранения конфиденциальности информации”, содержащего информацию о ваших правах на сохранение конфиденциальности, позвоните по телефону (916) 445-4546 (Russian)

Si desea una copia del Aviso sobre Prácticas de Privacidad que explica sus derechos a la privacidad, llame al: (916) 445-4546 (Spanish)

Kung gusto ninyo ng kopya ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pagsisiwalat ng Impormasyon, na nauukol sa inyong mga karapatan sa privacy, tawagan ang (916) 445-4546 (Tagalog)

Nếu quý vị muốn nhận được một bản Thông Tri Thực Hành Bảo Mật, nói về quyền riêng tư của quý vị, xin vui lòng gọi (916) 445-4546 (Vietnamese)